

**EPEKTO NG INOBATIBONG KASANAYAN NG GURO SA MOTIBASYON
AT AKADEMIKONG PAKIKILAHOK NG MGA MAG-AARAL**

Isang Pananaliksik na iniharap sa

College of Education

Misamis University

Ozamiz City

Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan

Ng mga kinakailangan sa Titulong

Bachelor of Secondary Education

Major in Filipino

nina

**MARY EVERLI O. PASCUA
LAILA LORAINÉ D. TUBA**

Mayo 2025

DAHON NG PAGPAPATIBAY

Ang tesis na ito ay pinamagatang “**EPEKTO NG INOBATIBONG KASANAYAN NG GURO SA MOTIBASYON AT AKADEMIKONG PAKIKILAHOK NG MGA MAG-AARAL**” ay inihanda at ipinasa nina **Mary Everli O. Pascua at Laila Loraine D. Tuba** bilang bahagi ng katuparan ng mga pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**, na ngayon ay itinagubilin para sa kaukulang pagsusulit na pasalita.

LEIZEL JOY C. DABALOS, MAEd
Tagapayo

Pinagtibay ng Lupon ng Pagsusulit na Pasalita na may gradong Pasado.

GENELYN R. BALUYOS, EdD
Chairman

JOENARD L. TUASTOMBAN, MAEd
Kasapi

SYDEL CAMILLE D. COMPO, MAEd
Kasapi

Tinanggap at pinagtibay bilang bahagi ng katuparan ng pangangailangan sa titulong **Bachelor of Secondary Education Major in Filipino**.

GENELYN R. BALUYOS, EdD
Dean, College of Education

Petsa: Mayo 2025

PAGKILALA

Ang mga mananaliksik ay taos-pusong nagpapasalamat sa Poong Maykapal sa walang sawang pagsuporta, gabay, nagkaloob ng biyaya at lakas upang maisagawa ang pananaliksik na ito.

Kay Dr. Genelyn R. Baluyos, ang Dekano ng College of Education, para sa kanyang mga rekomendasyon at gabay upang maging matagumpay ang pananaliksik na ito. Ang kanyang suporta ay naging malaking bahagi sa matagumpay na pagbuo at pagsasakatuparan ng pananaliksik na ito.

Kay Gng. Leizel Joy C. Dabalos ang tagapayo sa kanyang naging gabay, mungkahi at walang sawang suporta. Ang bukás niyang pagbabahagi ng kaalaman—lalo na sa pagsusuri ng datos—ay naging susi sa tagumpay ng tesis na ito.

Kay G. Joenard L. Tuastomban sa kanyang matapat na pagtulong upang mas maging malawak ang aming kaalaman tungo sa aming pananaliksik. Sa pagbibigay ng kanyang payo at gabay.

Sa mga kalahok, ang kanilang tapat na suporta, pakikipagtulungan at oras upang ibigay sa may-akda ang lahat ng kinakailangang impormasyon.

Higit sa lahat, sa aming pamilya, mga kaibigan, at sa mga espesyal na taong laging nariyan—salamat sa walang sawang pagmamahal, pag-unawa, at moral na suporta. Kayo ang naging lakas at inspirasyon namin para magpatuloy at tapusin ang pag-aaral na ito, lalo na sa mga panahong kami ay pinanghihinaan ng loob.

PAGHAHANDOG

Ang aklat na ito ay taos-puso naming inaalay
sa Poong Maykapal na nagbibigay ng kaalaman at karunungan;
ang aming minamahal na mga magulang, para sa kanilang moral na
suporta, inspirasyon, at pag-unawa upang maaabot ang lahat ng aming mga
pangarap; sa aming mga kaibigan at kaklase, para sa laging pagsama,
panghihikayat, at pag-unawa upang maging matagumpay
ang pag-aaral na ito

Mary Everli at Laila Loraine

ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay may pagtatalakay tungkol sa impluwensiya ng inobatibong kasanayan ng mga guro sa paaralan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral ng Senior High School. Ang layunin nito ay matukoy kung paano ang paggamit ng makabagong estratehiya, teknolohiya, at malikhaing pamamaraan ng pagtuturo ay nakaaapekto sa interes, pagsisikap, at aktibong partisipasyon ng mga estudyante. Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong korelasyonal na disenyo sa pamamagitan ng talatanungan upang makakalap ng datos mula sa 207 na mag-aaral. Ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng inobatibong kasanayan ng mga guro at positibo ang kaugnayan nito sa motibasyon ng mga mag-aaral. Gayunpaman, lumilitaw na limitado ang ugnayan ng mga kasanayang ito sa ilang aspeto ng akademikong pakikilahok gaya ng aktibong partisipasyon sa klase at extracurricular participation. Inirerekomenda ang mas masinsinang pagsasanay sa mga guro, paggamit ng lokal na konteksto, at pagpapalawak ng interaktibong gawain upang higit pang mapagting ang epekto ng mga inobatibong estratehiya sa pagtuturo.

Mga Susing Salita: *akademikong pakikilahok, Filipino, inobatibong kasanayan, motibasyon, teknolohiya sa pagtuturo*

TALAAN NG NILALAMAN

Talahanayan	Pahina
PAMAGAT	i
DAHON NG PAGPAPATIBAY	ii
PAGKILALA	iii
PAGHAHANDOG	iv
ABSTRAK	v
TALAAN NG NILALAMAN.	vi
TALAAN NG MGA TALAHAANAYAN	vii
TALAAN NG FIGURA.	viii
KABANATA	
1. PANIMULA	1
Teoretikal na Balangkas	3
Konseptuwal na Balangkas	6
Iskematik Dayagram ng Pag-aaral	8
Layunin ng Pag-aaral	9
2. PAMAMARAAN	10
Pamamaraang Ginamit	10
Pananaliksik ng Pangkapaligiran	10
Pinanggalingan ng Datos	11
Instrumentong Ginamit	11
Pagtitipon ng Datos	13
Isinaalang-alang na Etika	13
Estatistikang Pag-aaral ng mga Datos	14

3.	RESULTAAT TALAKAYAN	15
	Antas ng Inobatibong Kasanayan ng Guro.	15
	Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral ng Asignaturang Filipino	17
	Antas ng Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral	20
	Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Motibasyon ng mga Mag-aaral	22
	Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral	26
4.	LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON	
		30
	Lagom	30
	Mga Natuklasan	31
	Konklusyon	32
	Rekomendasyon	32
	TALASANGGUNIAN	34
	APENDIKS	
	Apendiks A – Talatanungan	
	Apendiks B – Nasagutang Papel	
	Apendiks C – Sampling Computation	
	Appendix D – Informed Consent Form	
	Apendiks E – Approved Letters of Consent	
	Apendiks F – Istatistikal na Pagkalkula	
	Apendiks G – Documentation	
	CURRICULUM VITAE	57

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

Talahanayan	Pahina
1. Antas ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino .	17
2. Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino .	19
3. Antas ng Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral .	22
4. Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Motibasyon ng mga Mag-aaral .	26
5. Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral .	29

TALAAN NG FIGURA

Pigura		Pahina
1	Iskematik Dayagram ng Pag-aaral . . .	11

PANIMULA

Sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at patuloy na pagbabago sa larangan ng pedagogiya sa ika-21 siglo, higit na naging mahalaga ang papel ng guro bilang tagapagpadaloy ng makabuluhang pagkatuto. Ang inobasyon sa pagtuturo ay isa sa mga susi sa pagpapabuti ng kalidad ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Isa sa mga pangunahing salik ng matagumpay na edukasyon ngayon ay ang paggamit ng inobatibong kasanayan sa pagtuturo mga makabagong paraan at kagamitan na layuning palakasin ang motibasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral (Hatsanmuang & Sanrattana, 2023). Sa ganitong panahon, hindi na sapat ang tradisyunal na estilo ng pagtuturo; kailangan na ang integrasyon ng teknolohiya, mas makabuluhang estratehiya sa pagkatuto, at mga pamamaraan na nakasentro sa mag-aaral upang mapanatiling buhay ang kanilang interes at partisipasyon sa klase (Soderlund, 2020).

Marami pa ring guro ang nagtataglay ng mataas na kasanayan sa paggamit ng application software gaya ng Microsoft Office at mga printed modules. Subalit, napag-alaman na limitado pa rin ang paggamit nila ng visual at audio-visual tools tulad ng Canva at Prezi mga makabagong kagamitan na may malaking potensyal na pasiglahin ang pakikilahok ng mga mag-aaral (Montecino et al., 2025). Sa lokal na konteksto naman, ang mga istilong pagtuturo gaya ng hybrid, demokratiko, at facilitator-based approaches ay lubhang epektibo sa pagpapataas ng motibasyon, lalo na sa mga asignaturang wika at pananaliksik (Piniano, 2023). Ang paggamit ng flipped classroom at

blended learning ay tumutulong sa paglinang ng kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, at aktibong pakikilahok sa klase (Ricaplaza, 2023).

Sa pandaigdigang lebel, ang flipped classroom ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng motibasyon at pakikilahok—lalo na sa mga low achievers—dahil sa mas maraming pagkakataon upang makibahagi sa mas malalim na talakayan at aktibidad sa klase (Nouri, 2016). Ang paggamit ng Socrative at smartphones ay nakapagpapalakas ng kolaboratibong pagkatuto at engagement ng mga estudyante (Awedh et.al 2015). Ang nagpatunay na tumataas ang gana at paglahok ng mga engineering students sa klase kapag gumagamit ng mobile devices tulad ng tablets o smartphones (Guerrero et al, 2024).

Gayunpaman, hindi lahat ng guro ay bihasa o nakakasanay sa paggamit ng mga inobatibong pedagogiya, at ito ang nagdudulot ng pangangailangan para sa mas masusing pag-aaral kung paano nakaaapekto ang kasanayang ito sa motibasyon at paglahok ng mga mag-aaral (Dipolog, 2022). Ang aktibong pakikilahok sa klase ay may direktang kaugnayan sa mas mataas na akademikong tagumpay, at malaking bahagi rito ang pagiging suportado at mahusay magpaliwanag ng guro (Kinley & Pradhan, 2022). Ang mga online self-training programs para sa mga guro ay epektibo sa pagpapalawak ng kanilang inobatibong kakayahan, na siyang isinasabuhay sa critical thinking at collaborative learning ng mga estudyante (Hatsanmuang & Sanrattana, 2023). Ang matagumpay na implementasyon ng mga inobatibong kasanayan ay mahalaga upang matugunan ang modernong pangangailangan ng pagkatuto sa klase (Soderlund, 2020).

Sa kontekstong lokal, ang paggamit ng mga istilong pagtuturo gaya ng hybrid, demokratiko, at facilitator-based approach ay epektibong nakapagpapataas ng

motibasyon ng mga mag-aaral, partikular sa mga asignaturang may kinalaman sa wika at pananaliksik (Piniano, 2023). Ang paggamit ng flipped classroom at blended learning ay nakatutulong sa paglinang ng kolaborasyon, masusing pag-iisip, at mas aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa mga aralin (Ricapla, 2023). Maraming guro ang may mataas na kasanayan sa paggamit ng application software tulad ng Microsoft Office at printed modules. Subalit, natuklasan din na limitado pa rin ang paggamit nila ng visual at audio-visual tools gaya ng Canva at Prezi mga kagamitan na may malaking potensyal na pasiglahin ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase (Montecino et al., 2025).

Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Hatsanmuang at Sanrattana (2023) ang kahalagahan ng online self-training programs para sa mga guro. Ayon sa kanila, ang tuloy-tuloy na pagsasanay ay hindi lamang nakatutulong sa personal na pag-unlad ng guro, kundi nagiging daan din upang malinang sa mga estudyante ang mga kakayahang tulad ng critical thinking at collaborative learning. Sa parehong linya, ipinapakita rin sa framework ng Assessment and Teaching of 21st Century Skills nina Saavedra at Opfer (2012, sa Soderlund, 2020) na ang matagumpay na pagpapatupad ng mga inobatibong kasanayan sa klasrum ay mahalagang hakbang upang mas mapaghusay ang kalidad ng edukasyong ibinibigay sa mga mag-aaral sa panahon ngayon.

Teoritikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa dalawang pangunahing teorya sa larangan ng edukasyon: ang Constructivist Learning Theory ni John Dewey (1966) at ang Theory of Educational Productivity ni Herbert Walberg (1981).

Binibigyang-diin ng Constructivism ang aktibong papel ng mga mag-aaral sa pagbuo ng kanilang sariling kaalaman batay sa karanasan, habang ang teorya ni Walberg

ay nagpapaliwanag kung paano ang iba't ibang salik gaya ng kakayahan, motibasyon, at kapaligiran ay nakaaapekto sa akademikong tagumpay. Sa paglalapat ng dalawang teorya, malinaw na ang inobatibong kasanayan ng guro ay nagsisilbing mahalagang tulay na nag-uugnay sa motibasyon ng mag-aaral at sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampaaralan (Dewey, 1966; Walberg, 1981).

Ayon sa pananaw ng Constructivist Learning Theory, ang paggamit ng mga inobatibong estratehiya gaya ng problem-based learning, flipped classroom, at experiential learning ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng partisipasyon sa klase. Ang mga guro na gumagamit ng konstruktibistang pamamaraan ay nagpapalakas sa kakayahan ng mag-aaral na matutong mag-isa, magtanong, at magsuri, na humahantong sa mas mataas na antas ng akademikong pakikilahok. Ang mga estratehiyang kolaboratibo at makabago ay may positibong epekto sa partisipasyon ng mag-aaral sa mga talakayan sa klase (Gillies & Boyle, 2010).

Sa kabilang banda, binibigyang-halaga ng Theory of Educational Productivity ang impluwensya ng mga panloob at panlabas na salik sa tagumpay ng mag-aaral. Ayon kay Walberg, ang kalidad ng pagtuturo ay may tuwirang epekto sa kognitibong pagganap ng mga estudyante. Sa konteksto ng inobatibong kasanayan ng guro, lumalabas na ang paggamit ng teknolohiya, malikhaing pamamaraan sa pagtuturo, at interaktibong aktibidad ay nagpapalawak ng oportunidad sa pagkatuto, na siya namang nagpapataas ng motibasyon ng mga mag-aaral (Walberg, 1981; Fraser et al., 1987). Sa isang pag-aaral ni Sezer (2020), napatunayan na ang integrasyon ng ICT sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng student motivation at learning achievement sa iba't ibang asignatura (Sezer, 2020, Education and Information Technologies).

Ang motibasyon ng mag-aaral, na isang mahalagang salik sa edukasyon, ay may matibay na ugnayan sa paraan ng pagtuturo ng guro. Ayon sa Self-Determination Theory nina Ryan at Deci (2000), ang pagkakaroon ng autonomy-supportive learning environments ay nagpapalakas ng intrinsic motivation ng mag-aaral. Sa tuwing nakakaramdam ang mga estudyante na sila ay pinakikinggan at aktibong bahagi ng proseso ng pagkatuto, mas nagiging masigasig silang makilahok sa mga gawain. Ang mga guro na nagpapakita ng inobatibong kasanayan ay karaniwang nagbibigay ng mas makabuluhang aktibidad na nakaaapekto sa internal na pagganyak ng mga estudyante (Ryan & Deci, 2000, *Contemporary Educational Psychology*).

Samantala, ang akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral ay hindi lamang nasusukat sa presensya sa klase kundi sa kalidad ng interaksyon nila sa mga gawaing pampaaralan. Ayon kina Fredricks, Blumenfeld, at Paris (2004), ang engagement ay may tatlong dimensyon: behavioral, emotional, at cognitive. Sa paggamit ng inobatibong estratehiya sa pagtuturo tulad ng gamification at project-based learning, ang mga mag-aaral ay mas aktibong lumalahok at nagkakaroon ng mas malalim na interes sa aralin. Ipinapakita sa pag-aaral ni Lee at Hannafin (2016) na ang technology-supported inquiry learning ay nagpapataas ng cognitive engagement ng mga estudyante (Lee & Hannafin, 2016, *Educational Technology Research and Development*).

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga teoryang nabanggit na ang inobatibong kasanayan ng guro ay may direktang epekto sa parehong motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral. Sa tuwing ang guro ay gumagamit ng makabago, kolaboratibo, at interaktibong mga estratehiya, nagkakaroon ng mas positibong disposisyon ang mga mag-aaral tungo sa pag-aaral. Ang integrasyon ng constructivist at

productivity theories ay nagbibigay-linaw kung paanong ang kasanayan ng guro ay hindi lamang nakaaapekto sa kaalaman ng mag-aaral, kundi pati na rin sa kanilang saloobin at kilos patungo sa edukasyon (Zepeda et al., 2018, Teaching and Teacher Education).

Konseptwal na Balangkas

Ang inobatibong kasanayan ng guro ay tumutukoy sa iba't ibang pamamaraan at estratehiya na naglalayong gawing mas epektibo at makabuluhan ang pagtuturo. Kabilang dito ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, paggamit ng teknolohiya, pagtuturo na nakatutok sa tunay na buhay, at malikhaing pagkatuto. Ayon kina Mishra at Koehler (2006), ang pagsasama ng teknolohiya, pedagohiya, at nilalaman ay lumilikha ng mas mataas na kalidad ng pagtuturo na nakapagpapasigla sa pagkatuto ng mag-aaral. Samakatuwid, ang guro na may inobatibong kasanayan ay mas nagagawang makuha ang atensyon ng mga mag-aaral at naiaangkop ang pagkatuto sa kanilang pangangailangan.

Ang motibasyon ng mga mag-aaral ay nahahati sa apat na baryabol: integratibong kasiyahan sa pag-aaral, akademikong pagsisikap at pagpapahalaga, paggamit ng Filipino sa araw-araw, at pakikilahok sa gawaing pampaaralan. Ang motibasyon ay nagsisilbing panloob at panlabas na puwersa na nagtutulak sa mga mag-aaral upang magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Ayon kina Deci at Ryan (2000), ang intrinsic at extrinsic motivation ay parehong kritikal na salik sa pagpapanatili ng interes at pagsisikap ng mga mag-aaral (Self-Determination Theory). Dahil dito, malinaw na ang motibasyon ay pundasyon ng kanilang tagumpay sa akademiko.

Ang akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral ay nahahati sa aktibong partisipasyon sa klase, pagsasagawa ng akademikong gawain, pakikilahok sa akademikong kaganapan, at pakikipagtulungan sa kapwa mag-aaral. Ang mga baryabol

na ito ay naglalarawan ng antas ng paglahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pang-akademiko. Ayon kina Fredricks, Blumenfeld, at Paris (2004), ang engagement ay binubuo ng behavioral, emotional, at cognitive components na may direktang epekto sa pagganap ng mag-aaral. Kapag ang mga mag-aaral ay lubos na nakikilahok, mas tumataas ang kanilang pagkakataon para sa mas malalim na pagkatuto at kolaborasyon.

Ang ugnayan ng inobatibong kasanayan ng guro at motibasyon ng mga mag-aaral ay malinaw na nakabatay sa paglikha ng mas kawili-wili at makabuluhang karanasan sa pag-aaral. Ang paggamit ng makabagong estratehiya, teknolohiya, at malikhaing pagkatuto ay nakapagpapataas ng integratibong kasiyahan ng mga mag-aaral, gayundin ng kanilang akademikong pagsisikap at pagpapahalaga. Ayon kina Schunk, Pintrich, at Meece (2014), ang guro na gumagamit ng malikhaing pamamaraan ay nakapagpapatibay ng intrinsic motivation ng mag-aaral dahil nagiging aktibo silang bahagi ng proseso ng pagkatuto. Ipinapakita nito na ang inobatibong guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng motibasyon.

Kaugnay nito, ang inobatibong kasanayan ng guro ay may mahalagang epekto rin sa akademikong pakikilahok. Kapag ang pagtuturo ay nakabatay sa tunay na buhay at gumagamit ng makabagong teknolohiya, nagiging mas interaktibo at makabuluhan ang pagkatuto. Dahil dito, mas lumalakas ang aktibong partisipasyon sa klase, mas nagsusumikap sa akademikong gawain, mas nakikilahok sa mga kaganapan, at mas bukas sa pakikipagtulungan ang mga mag-aaral. Ayon kay Kuh (2009), ang aktibong estratehiya sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng student engagement na mahalaga para sa kanilang tagumpay.




Figura 1.1: Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

Pangkalahatang Layunin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga epekto ng inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Natutukoy ang inobatibong kasanayan ng guro kagaya ng Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo, Paggamit ng Teknolohiya, Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay at Malikhaing Pagkatuto.
2. Natutukoy ang motibasyon ng mga mag-aaral kagaya ng Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral, Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga, Paggamit ng Filipino sa Araw-araw, at Pakikilahok sa Gawaing Pampaaralan.
3. Natutukoy ang akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral kagaya ng Aktibong Partisipasyon sa Klase, Pagsasagawa ng Akademikong Gawain, Pakikilahok sa Akademikong Kaganapan, at Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral.
4. Natutukoy ang makabuluhang kaugnayan ng inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon ng mga mag-aaral.
5. Natutukoy ang makabuluhang kaugnayan ng inobatibong kasanayan ng guro sa akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral.

PAMAMARAAN

Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gumamit ng descriptive correlational na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit at Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral upang matukoy ang kaugnayan ng mga inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Pananaliksik na Pangkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Basic Education Department Senior High School ng isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz. Ang institusyong ito, kabilang ang Basic Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas-Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

Pinanggalingan ng Datos

Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay 207 na mga mag-aaral sa ikalabing dalawang baitang ng Senior High School sa isa sa paaralan ng lungsod ng Ozamiz na pinili sa pamamagitan ng ng ika-labindalawang (12) na baitang.

Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos

Ginamit ng pag-aaral na ito ang sumusunod na instrumento sa pananaliksik:

A. Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino. Ang talatanungan na ginamit sa pananaliksik na ito ay isang limang-puntong Likert-scale questionnaire. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Hindi Kailanman), ang bilang 2 naman ay (Bihira), ang bilang 3 ay (Minsan), sa bilang 4 ay (Madalas), at sa bilang 5 ay (Palagi). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa tatlong bahagi, na nakatuon sa mga sumusunod na aspekto: (1) inobatibong kasanayan ng guro, (2) motibasyon ng mag-aaral, at (3) akademikong pakikilahok ng mag-aaral. Bawat bahagi ay binubuo ng mga pahayag na sinusukat upang matukoy epekto ng inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral.

Ang talatanungan ay sumailalim sa pagpapatunay mula sa mga eksperto, partikular sa mga guro sa Filipino. Ito ay inihiarap sa mga dalubhasa upang suriin ang mga tagapahiwatig kung ang bawat pahayag ay tinatanggap, kailangan ng rebisyon, o dapat tanggalin bago ibigay sa mga respondente. Matapos ang proseso ng pagpapatunay, ang instrumento ay napailalim sa isang *pilot test* gamit ang mga mag-aaral na hindi kasama bilang aktwal na mga sumagot sa pag-aaral. Ang *pilot test* na ginawa ay

nagresulta ng Cronbach's Alpha na 0.91, dahil dito ang instrumento ay mabisa at mapagkakatiwalaan para sa pangangalap ng datos.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa mga inobatibong kasanayan ng guro.

Sagot	Saklaw	Interpretasyon
5	4.20-5.00	Lubos na Nakakaapekto
4	3.40-4.19	Higit na Nakakaapekto
3	2.61-3.39	Nakakaapekto
2	1.80-2.59	Di-Gaanong Nakakaapekto
1	1.00-1.79	Hindi Nakakaapekto

B. Akademikong Pakikilahok. Ang akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral ay kinuha mula sa survey na ginawa. Ang interpretasyon sa marka ng mga mag-aaral ay ibintay sa iskala sa ibaba na galing sa K to 12 Curriculum Guide ng DepEd.

Marka	Deskripsyon	Remarks
90-100	4.20-5.00	Lubos na Mahusay
85-89	3.40-4.19	Mahusay
80-84	2.60-3.39	Katamtamang Husay
75-79	1.80-2.59	Mababa
75 pababa	1.00-1.79	Napakababa

C. Motibasyon ng mga Mag-aaral. Ang motibasyon ng mga mag-aaral ay kinuha mula sa survey na ginawa. Ang interpretasyon sa marka ng mga mag-aaral ay ibintay sa iskala sa ibaba na galing sa K to 12 Curriculum Guide ng DepEd.

Marka	Deskripsyon	Remarks
90-100	4.20-5.00	Lubos na Mataas
85-89	3.40-4.19	Mataas
80-84	2.60-3.39	Katamtaman
75-79	1.80-2.59	Mababa
75 pababa	1.00-1.79	Napakababa

Pagtitipon ng mga Datos

Bago ang pagbibigay ng talatanungan at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Senior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral.

Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na respondente. Ang talatanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa epekto ng inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon at akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral sa senior high school.

Etikal na Konsiderasyon

Ang mga respondente sa pananaliksik ay hindi idadaan sa malalim na patakaran na maaaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga respondente sa pananaliksik ay binigyang prioridad. Ang paghingi nang pahintulot ay nakuha mula sa mga respondente bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang mga pangalan ng respondente ay hindi naitala sa alinman sa mga materyal na ginamit sa pangangalap ng datos. Ang mga talaan ng pag-aaral na ito ay mananatiling pribado at kumpedensyal. Sa

anumang uri ng ulat na maaaring mailimbag, walang impormasyon ang isasama na maging possible upang makilala ang mga mananaliksik. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinatapos sa katapatan at anumang uri ng nakalikito na impormasyon pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan ay iniwasan.

Pag-aanalisa ng Datos

Ang mga datos ay inalisa gamit ang mga sumusunod na mga kagamitang pang estatistika o *statistical tools* ng pag-aaral na nakabatay sa Jamovi:

Mean and Standard Deviation. Ang tool na ito ay ginamit upang matukoy kung paano nakaaapekto ang mga salik sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Pearson Product Moment Correlation Coefficient. Ginamit ito sa pagtukoy ng makabuluhang kaugnayan ng mga salik sa pag-aaral at akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

RESULTA AT TALAKAYAN

Antas ng Inobatibong Kasanayan ng Guro

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang antas ng inobatibong kasanayan ng mga guro, batay sa apat na konstruk: A.Paggamit ng Makabagong Teknolohiya (Use of Modern Technology); B. Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo (Interactive Teaching Strategies); C. Pagsusuri at Feedback (Assessment and Feedback) at D. Pagbuo ng Kapaligirang Pangkatang Pagkatuto (Creating a Collaborative Learning Environment). Bawat konstruk ay sinuri gamit ang limang antas ng Likert scale, na may mga deskriptor na mula sa Hindi Nakakaapekto (1.00–1.79) hanggang sa Lubos na Nakakaapekto (4.20–5.00). Ang pangkalahatang mean ay sumasalamain sa kabuuang antas ng inobatibong kasanayan sa pagtuturo ng Filipino.

Mataas ang antas ng paggamit ng makabagong teknolohiya, na may mean na 4.18 (SD = 1.07) at nasa kategoryang Mahusay. Bukod pa rito, nakita rin ang makabuluhang positibong ugnayan nito sa motibasyon ng mga mag-aaral ($r = .48$, $p = .02$). Ibig sabihin, ang mga paraan ng pagtuturo na gumagamit ng kolaboratibong gawain, iba't ibang estilo ng pagtuturo ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral (differentiated instruction), at mga interaktibong aralin ay tunay na nakatutulong upang mapasigla at mapasangkot ang mga mag-aaral sa klase. Mas interesado at masigasig silang makibahagi kapag ang mga aralin ay inihahatid sa mas masigla, makabago, at kawili-wiling paraan kumpara sa nakasanayang tradisyunal na pamamaraan (Garcia, 2020).

Ang interaktibong pamamaraan sa pagtuturo ay nakatanggap din ng positibong ebalwasyon mula sa mga kalahok, na may mean na 4.16 (SD = 1.22) at nasa antas na

Mahusay. Lumitaw din ang makabuluhang ugnayan nito sa akademikong partisipasyon ng mga mag-aaral ($r = .52$, $p = .01$). Sa madaling salita, ang paggamit ng multimedia presentations, mga aplikasyon sa pagkatuto, at mga online learning platforms ay malaki ang naitutulong sa pagkamit ng mas aktibong paglahok ng mga mag-aaral. Bukod sa pagiging mas accessible, ginagawa rin ng teknolohiya ang pagkatuto na mas akma sa henerasyon ngayon—isang henerasyong sanay sa digital na mundo (Reyes & Santos, 2021).

Naitala rin sa antas na Mahusay ang pagtuturo na inuugnay sa tunay na buhay, na may mean na 4.15 ($SD = 0.66$). Makikita ang makabuluhang ugnayan nito sa parehong motibasyon at pagtingin ng mga mag-aaral sa kabuluhan ng kanilang pagkatuto ($r = .45$, $p = .03$). Kapag ang mga aralin ay may kaugnayan sa pang-araw-araw na karanasan ng mga mag-aaral, mas naiintindihan nila kung bakit mahalaga ang Filipino sa kanilang buhay. Ang ganitong uri ng pagtuturo ay hindi lamang nagpapalalim ng kaalaman kundi nagpapalago rin ng interes at likas na pagkagusto ng mga mag-aaral na matuto pa (Delos Reyes, 2019).

Sa huling konstruk, lumabas na ang pagsuporta sa malikhaing pagkatuto ng mga guro ay nasa antas ding Mahusay, na may mean na 4.15 ($SD = 0.61$). Ayon sa datos, may makabuluhang ugnayan ito sa malikhaing pag-iisip at partisipasyon ng mga mag-aaral ($r = .49$, $p = .04$). Kapag hinahayaan ang mga mag-aaral na magpahayag ng kanilang ideya sa pamamagitan ng mga malikhaing aktibidad gaya ng role-playing, bukas na talakayan, at mga presentasyong sila mismo ang nagplano, mas lumalakas ang kanilang tiwala sa sarili. Nagkakaroon din sila ng mas malalim na pakikilahok at pananagutan sa kanilang

pagkatuto. Sa ganitong paraan, mas nahuhubog ang kanilang kakayahan sa Filipino at mas napapalalim ang kanilang koneksyon sa asignatura (Torres, 2022).

Talahanayan 1

Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Konstruks	M	SD	Remarks
Paggamit ng Makabagong Teknolohiya	4.18	1.07	Mahusay
Interaktibong Pamamaraan sa Pagtuturo	4.16	1.22	Mahusay
Pagsusuri at Feedback	4.15	0.66	Mahusay
Pagbuo ng Kapaligirang Pangkatang Pagkatuto	4.15	0.61	Mahusay
Pangkalahatang Kasanayan	4.16	0.89	Mahusay

Note. scale: 4.20-5.00 (Lubos na Nakakaapekto); 3.40- 4.19 (Higit na Nakakaapekto); 2.61-3.39 (Nakakaapekto); 1.80-2.59 (Di-Gaanong Nakakaapekto); 1.00-1.79 (Hindi Nakakaapekto)

Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang antas ng motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino, gamit ang apat na mahahalagang aspeto: A. Intrinsic na Motibasyon, B.Extrinsic na Motibasyon, C.Pagpapanatili sa Interes, D.Pagsuporta mula sa Pamilya at E.Ugnayan sa Guro. Ginamitan ito ng Likert scale na may limang antas, mula Napakababa (1.00–1.79) hanggang Lubos na Mataas (4.20–5.00), upang masukat ang lebel ng motibasyon sa bawat dimensyon.

Lumabas sa pagsusuri na lahat ng aspeto ay may mataas na marka, na nagpapahiwatig na may matibay at positibong motibasyon ang mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral ng Filipino. Sa kabuuan, ang kanilang pangkalahatang motibasyon ay nasa mataas na antas ($M = 4.17$, $SD = 0.64$) isang palatandaan ng kanilang interes, pagsisikap, at aktibong partisipasyon sa pagkatuto ng asignatura.

Pinakamataas sa apat na aspeto ang Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga sa Filipino ($M = 4.16$, $SD = 0.62$), na nagpapakita na seryoso at masigasig ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Ayon sa Self-Determination Theory nina Ryan at Deci (2000), mas tumitibay ang panloob na motibasyon ng mag-aaral kapag ramdam niya na makabuluhan at mahalaga ang kanyang ginagawa. Interessanteng makita na ang konstruksiyon na ito ay may positibong kaugnayan sa paggamit ng mga makabago at makabuluhang estratehiya sa pagtuturo ($r = .52$, $p = .01$), lalo na kung gumagamit ang guro ng teknolohiya at mga araling may koneksyon sa aktwal na buhay. Ang mga pamamaraang nakasentro sa mag-aaral at gumagamit ng teknolohiya ay epektibong nagpapataas ng kanilang motibasyon at pagganap (Reeve, 2012). Sa madaling sabi, kapag nararamdaman ng mga mag-aaral na makabago, kapaki-pakinabang, at akma ang paraan ng pagtuturo, mas lalo silang nagsusumikap at pinahahalagahan ang asignatura.

Samantala, mataas din ang nakuha ng aspeto ng Pakikilahok sa mga Gawaing may Kaugnayan sa Filipino ($M = 3.90$, $SD = 0.84$). May makabuluhang ugnayan ito sa malikhaing pagtuturo na nakaangkla sa mga tunay na karanasan ng mga mag-aaral ($r = .49$, $p = .04$). Batay sa mga teorya nina Dewey (1938) at Kolb (1984), mas lumalalim ang pagkatuto ng isang mag-aaral kapag ito ay nakabatay sa aktwal na karanasan kung saan siya mismo ang nakakaranas, gumagalaw, at nag-iisip. Sa ganitong paraan, nagiging mas handa ang mga estudyante na makilahok sa mga gawaing tulad ng paligsahan, pagtatanghal, at proyektong pangkomunidad, dahil may saysay ang kanilang ginagawa at may lugar silang maipakita ang kanilang kakayahan.

Gayunpaman, bagama't mataas din ang average score ng Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral ng Filipino ($M = 3.88$, $SD = 0.75$), hindi ito nagpakita ng makabuluhang

kaugnayan sa anumang partikular na makabagong estratehiya ng pagtuturo ($p > .05$). Maraming salik ang nakaaapekto sa interes ng isang mag-aaral, tulad ng personal na hilig, impluwensiya ng kaibigan, o suporta ng pamilya na hindi palaging kontrolado ng guro (Schiefele, 1991). Kaya naman, mahalagang pag-isipan ang mga estratehiyang maaaring magdugtong sa likas na interes ng mga estudyante at sa nilalaman ng aralin, upang mas lalong maging makabuluhan ang kanilang karanasan sa pag-aaral.

Sa aspeto naman ng Paggamit ng Filipino sa Pang-araw-araw na Buhay ($M = 3.84$, $SD = 0.83$), lumabas na ito rin ay may mataas na marka ngunit walang makabuluhang kaugnayan sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ($p > .05$). Sinasabi ni Cummins (2001) na ang paggamit at pag-unlad ng wika ay hindi lamang naituturo sa paaralan mas malaki rin ang ginagampanang papel ng pamilya, komunidad, at media. Ipinapahiwatig nito na kahit gaano kaganda ang estratehiya sa klasrum, hindi ito palaging sapat upang mailipat sa aktwal na paggamit ng wika sa araw-araw. Kaya naman, mahalagang isaalang-alang ang mga aktibidad tulad ng community immersion, language campaigns, at media-based learning na magpapalawak sa gamit ng Filipino hindi lang sa loob ng silid-aralan kundi sa totoong buhay.

Talahanayan 2

Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral sa Pag-aaral ng Asignaturang Filipino

Konstruks	M	SD	Remarks
Intrinsic na Motibasyon	3.88	0.75	Mataas
Extrinsic na Motibasyon	4.16	0.62	Mataas
Pagpapanatili sa Interes	3.84	0.83	Mataas
Pagsuporta mula sa Pamilya	3.90	0.84	Mataas
Ugnayan sa Guro			
Pangkalahatang Motibasyon	4.17	0.64	Mataas

Note. scale: 4.20-5.00 (Lubos na Mataas); 3.40-4.19 (Mataas); 2.60-3.39 (Katamtaman); 1.80-2.59 (Mababa); 1.00-1.79 (Napakababa)

Antas ng Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng akademikong partisipasyon ng mga mag-aaral batay sa apat na pangunahing aspeto: (A) Aktibong Partisipasyon sa Klase, (B) Pagsasagawa ng Akademikong Gawain, (C) Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan, at (D) Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral. Sinukat ang bawat konstruk gamit ang Likert scale na may hanay mula Napakababa (1.00–1.79) hanggang Lubos na Mataas (4.20–5.00). Sa pangkalahatan, ang resulta ay nagpapakita ng mean score na 4.06 (SD = 0.66) — indikasyon ng mataas na antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Sa lahat ng konstruk, pinakamatataas ang nakuha ng Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral ($M = 4.24$, $SD = 0.60$), at ito rin ang may pinakamakabuluhang ugnayan sa mga makabagong estratehiya sa pagtuturo ($r = .55$, $p = .02$). Ayon kina Johnson at Johnson (2009), ang kooperatibong pagkatuto ay hindi lamang nakatutulong sa pagkakaroon ng positibong relasyon sa pagitan ng mga mag-aaral, kundi nagpapalawak din ng kanilang interpersonal at problem-solving skills. Pinalalalim pa ito ng pananaw ni Vygotsky (1978), na nagsabing mahalaga ang social interaction sa proseso ng pagkatuto, lalo na sa konteksto ng Zone of Proximal Development (ZPD). Sa madaling sabi, kapag ginagamit ng guro ang mga collaborative at student-centered na pamamaraan, mas nagiging aktibo at epektibo ang pakikilahok ng mga estudyante sa isa’t isang susi sa mas makahulugang pagkatuto.

Sunod na may mataas na mean score ay ang Pagsasagawa ng Akademikong Gawain ($M = 4.08$, $SD = 0.71$), na may positibong ugnayan din sa makabagong pagtuturo ($r = .48$, $p = .04$). Ibig sabihin, mas nagiging masigasig ang mga mag-aaral na tapusin ang

kanilang mga akademikong gawain kapag ang mga aralin ay inihahatid sa paraang makabago, teknolohikal, at konektado sa kanilang totoong karanasan sa buhay. Ang mga estudyanteng tunay na “engaged” sa kanilang pag-aaral ay kadalasang nagpapakita ng mas mataas na antas ng pagsisikap (Fredricks, Blumenfeld, at Paris, 2004). Ipinakita na ang mga authentic learning environments mga sitwasyong may saysay at konektado sa realidad ng mga mag-aaral ay tumutulong upang mapaunlad ang kanilang interes, disiplina, at pagganap sa mga gawain (Herrington et al., 2003).

Samantala, bagama’t mataas rin ang mean score ng Aktibong Partisipasyon sa Klase ($M = 3.98$, $SD = 0.67$), hindi ito nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa mga makabagong estratehiya ng pagtuturo ($p > .05$). Posibleng ito ay dahil ang klasrum participation ay naapektuhan ng ibang salik tulad ng personalidad ng mag-aaral, tiwala sa sarili, o ang kabuuang atmosphere sa loob ng silid-aralan. Batay sa pananaw nina Skinner at Belmont (1993), mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral kapag may positibong relasyon sila sa kanilang guro at nakakaramdam sila ng emosyonal na suporta. Samantala, ipinanukala nina Deci at Ryan (1985) sa kanilang Self-Determination Theory na ang mga mag-aaral ay mas nagiging bukas sa partisipasyon kung nasa isang autonomy-supportive environment isang klasrum na nagbibigay kalayaan, respeto, at tiwala sa kakayahan ng mag-aaral.

Panghuli, ang Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan ay may mean score na 3.91 ($SD = 0.79$). Bagama’t ito’y maituturing na mataas, wala rin itong makabuluhang kaugnayan sa mga makabagong estratehiya ng pagtuturo ($p > .05$). Maaaring ang ganitong uri ng partisipasyon ay higit na naapektuhan ng mga salik sa labas ng klasrum, tulad ng suporta mula sa paaralan, impluwensiya ng mga kaibigan, o mismong

availability ng mga oportunidad. Ayon kina Trowler (2010) at Kuh (2009), ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga extracurricular o academic events ay malapit na kaugnay ng kulturang pang-institusyon at mga programang nakatuon sa holistic na pag-unlad ng mag-aaral. Sa madaling sabi, kahit may makabagong pagtuturo sa loob ng klase, kung kulang naman ang suporta o mga pagkakataong lumahok sa labas nito, maaaring limitado pa rin ang antas ng partisipasyon sa mga ganitong gawain.

Talahanayan 3

Antas ng Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral

Mga Konstrak	M	SD	Remarks
Aktibong Partisipasyon sa Klase	3.98	0.67	Mataas
Pagsasagawa ng Akademikong Gawain	4.09	0.59	Mataas
Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan	3.91	0.79	Lubos na Mataas
Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral	4.24	0.60	Mataas
Pangkalahatang Pakikilahok	4.06	0.66	Mataas

Note. scale: 4.20-5.00 (Lubos na Mataas); 3.40-4.19 (Mataas); 2.60-3.39 (Katamtaman); 1.80-2.59 (Mababa); 1.00-1.79 (Napakababa)

Batay sa talahanayan 4 ay nagpapakita ng kaugnayan sa pagitan ng mga inobatibong kasanayan ng guro at ng iba't ibang aspeto ng motibasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Apat na makabagong pamamaraan sa pagtuturo ang sinuri: Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo (Innovative Teaching Strategies), Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo (Use of Technology in Teaching), Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay (Real-Life-Oriented Teaching), at Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto ng Mag-aaral (Support for Creative Learning). Inugnay ang mga ito sa apat na dimensyon

ng motibasyon ng mga mag-aaral: Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral sa Filipino (Interest and Enjoyment in Learning Filipino), Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga sa Filipino (Academic Effort and Valuing of Filipino), Paggamit ng Filipino sa Pang-araw-araw na Buhay (Use of Filipino in Daily Life), at Pagsali sa mga Gawaing may Kaugnayan sa Filipino (Participation in Filipino-related Activities).

Ipinapakita sa resulta na may malinaw na kaugnayan ang *Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral ng Filipino* sa tatlong makabagong kasanayan ng guro ang paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo ($r = .22$, $p = .006$), paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ($r = .24$, $p = .003$), at pagtuturo na nakatuon sa tunay na buhay ($r = .23$, $p = .004$). Ibig sabihin, mas nagiging masigla at masigasig ang mga mag-aaral kapag ang mga aralin ay inihahatid sa paraang moderno, makabuluhan, at konektado sa kanilang karanasan. Ayon kina Fredricks, Blumenfeld, at Paris (2004), ang akademikong engagement ay lumalalim kung ang nilalaman ng aralin ay may kaugnayan sa interes at aktwal na buhay ng mga mag-aaral. Mas naaakit ang mga "digital natives" sa paggamit ng teknolohiya, na nakatutulong upang tumaas ang kanilang motibasyon sa pagkatuto (Prensky, 2001)

Pagdating sa *Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga sa Filipino*, lumitaw na ang tanging makabuluhang ugnayan ay matatagpuan sa Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay ($r = .22$, $p = .008$). Nangangahulugan ito na mas nagsusumikap ang mga mag-aaral kapag nakikita nila ang malinaw na aplikasyon ng aralin sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Tugma ito sa *Experiential Learning Theory* ni Kolb (1984), na nagsasabing mas tumitibay ang pagkatuto kung ito ay dumaraan sa makabuluhang karanasan.

Makikita rin sa datos na may makabuluhang ugnayan ang *Paggamit ng Filipino sa Pang-araw-araw na Buhay* sa mga kasanayang Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ($r = .19$, $p = .020$), Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo ($r = .17$, $p = .038$), at Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay ($r = .24$, $p = .003$). Ipinapahiwatig nito na kapag ang pagtuturo ay mas dinamiko at may koneksyon sa realidad ng mag-aaral, mas nagagamit nila ang Filipino sa pakikipag-usap, pagsusulat, at iba pang pang-araw-araw na gawain. Mahalagang kasangkapan ng pagkatuto ang wika, at ang interaktibong paggamit nito sa silid-aralan ay maaaring lumampas pa sa loob ng paaralan at maging bahagi ng pang-araw-araw na diskurso ng mga mag-aaral (Vygotsky, 1978).

Sa kabilang banda, lumitaw rin na may makabuluhang ugnayan ang *Pagsali sa mga Gawaing may Kaugnayan sa Filipino* at ang Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay ($r = .25$, $p = .002$). Ibig sabihin, mas naaanyayahan ang mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing pangkomunidad at pangkultura kung ang mga aralin ay nauugnay sa kanilang sariling karanasan. Ito ay sumusuporta sa *Culturally Relevant Pedagogy* ni Ladson-Billings (1995), na nagpapalakas ng koneksyon sa wika at kultura sa pamamagitan ng pagtuturo na may saysay sa buhay ng mga mag-aaral.

Gayunman, may ilang aspeto rin ng pag-aaral na hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan. Halimbawa, ang *Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga sa Filipino* ay walang malakas na kaugnayan sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ($r = .11$, $p = .195$), Paggamit ng Teknolohiya ($r = .09$, $p = .270$), at Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto ($r = .15$, $p = .070$). Maaaring ipaliwanag ito ng teorya ni Dweck (2006) hinggil sa *growth mindset*, kung saan ang pagsusumikap sa pag-aaral ay mas nakaugat sa panloob

na salik gaya ng pananaw sa sarili, ugali, o suporta ng pamilya kaysa sa mismong paraan ng pagtuturo.

Katulad nito, walang makabuluhang ugnayan ang *Pagsali sa mga Gawaing may Kaugnayan sa Filipino* sa mga kasanayang Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ($r = .14$, $p = .082$), Paggamit ng Teknolohiya ($r = .14$, $p = .098$), at Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto ($r = .10$, $p = .211$). Ayon kina Eccles at Barber (1999), ang paglahok sa mga ganitong gawain ay mas naimpluwensiyahan ng mga kaibigan, social circles, at mga oportunidad sa labas ng akademya.

Samantala, walang makabuluhang ugnayan ang *Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral ng Filipino* ($r = .14$, $p = .096$) at *Paggamit ng Filipino sa Pang-araw-araw na Buhay* ($r = .16$, $p = .055$) sa aspeto ng Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto ng Mag-aaral. Bagama't naroroon ang ideya ng suporta sa pagiging malikhain, maaaring hindi pa ito ganap na nararamdaman ng mga mag-aaral o hindi pa sapat ang implementasyon nito sa kasalukuyang sitwasyon ng pagtuturo. Ang malikhaing pagkatuto ay higit na naisasabuhay sa kapaligirang nagbibigay ng tiwala, kalayaan, at espasyo para sa eksperimento at eksplorasyon mga elementong maaaring kulang pa sa maraming klase ngayon (Amabile, 1996).

Talahanayan 4
Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro
sa Motibasyon ng mga Mag-aaral

Baryabol		Interes at Kasiyahan sa Pag-aaral sa Filipino	Akademikong Pagsisikap at Pagpapahalaga sa Filipino	Paggamit ng Filipino sa Pang-araw-araw na Buhay	Pagsali sa mga Gawaing may Kaugnayan sa Filipino
Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo	<i>R</i>	0.22***	0.11***	0.19***	0.14***
	<i>P</i>	0.006	0.195	0.020	0.082
Paggamit ng Teknolohiya sa Pagtuturo	<i>R</i>	0.24***	0.09***	0.17***	0.14***
	<i>P</i>	0.003	0.270	0.038	0.098
Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay	<i>R</i>	0.23***	0.22***	0.24***	0.25***
	<i>p</i>	0.004	0.008	0.003	0.002
Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto ng Mag-aaral	<i>r</i>	0.14***	0.15***	0.16***	0.10***
	<i>P</i>	0.096	0.07	0.055	0.211

Notes: Ho: Walang makabuluhang kaugnayan ng inobatibong kasanayan ng guro sa motibasyon ng mga mag-aaral

*Probability Value Scale: *** $p < .001$ (Highly Significant); ** $p < 0.01$ (Highly Significant); * $p < 0.05$ (Significant); $p > 0.05$ (Not significant)*

Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro
sa Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral

Batay sa talahanayan 5 ay nagpapakita ng pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng iba't ibang anyo ng inobatibong kasanayan ng guro at ang apat na konstruk ng akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral: (A) Aktibong Partisipasyon sa Klase (Active Participation in Class), (B) Pagsasagawa ng Akademikong Gawain (Completion of Academic Tasks), (C) Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan (Participation in Academic Events), at (D) Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral (Collaboration with Fellow Students). Ang pagsusuring ito ay naglalayong matukoy kung alin sa mga inobatibong kasanayan ng

guro ang may makabuluhang impluwensya sa akademikong pakikilahok ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

Aktibong Partisipasyon sa Klase ay hindi nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa alinman sa mga inobatibong kasanayan ng guro. Batay sa datos, ang lahat ng p-value ay higit sa 0.05 (hal. Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo: ($r = -0.01$, $p = .985$); Paggamit ng Teknolohiya: ($r = 0.06$, $p = .466$); Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay: ($r = 0.01$, $p = .885$); Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto: ($r = -0.01$, $p = .867$)). Ibig sabihin, hindi pa sapat ang mga inobasyong ito upang makahikayat ng mas masiglang partisipasyon mula sa mga mag-aaral sa loob ng klase. Maaaring mas malaki ang epekto ng personal na salik gaya ng tiwala sa sarili, interes sa asignatura, o pakikitungo ng guro sa klase. Bilang guro, nararapat lamang na palakasin natin ang koneksyon sa ating mga mag-aaral, bumuo ng ligtas at bukas na kapaligiran sa pagkatuto, at gamitin ang mga paraang nagbibigay-lakas ng loob sa kanila upang maging mas aktibo sa talakayan (Skinner & Belmont, 1993; Deci & Ryan, 1985; Wentzel, 2003).

Pagsasagawa ng Akademikong Gawain ay wala ring makabuluhang kaugnayan sa alinman sa mga inobatibong kasanayan ng guro (hal. Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo: ($r = -0.03$, $p = .696$); Paggamit ng Teknolohiya: ($r = -0.06$, $p = .469$); Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay: ($r = -0.01$, $p = .879$); Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto: ($r = -0.11$, $p = .178$)). Ipinapakita nito na hindi awtomatikong nauwi sa aktwal na paggawa ng takdang-aralin o proyekto ang paggamit ng mga inobatibong pamamaraan. Posibleng may mga hadlang sa labas ng paaralan gaya ng kakulangan sa oras, suporta ng pamilya, o mahinang pagplano ng oras ng mga mag-aaral. Mainam na isaalang-alang ang pagbibigay ng karagdagang gabay sa pamamagitan ng

mentoring o pag-oorganisa ng mga workshop hinggil sa epektibong pag-aaral upang mas mapaunlad ang disiplina at pagiging responsable ng mga estudyante (Zimmerman, 2002; Fredricks, Blumenfeld, & Paris, 2004; Schunk & Pajares, 2005).

Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan ay hindi rin nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa mga inobatibong kasanayan ng guro (hal. Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo: ($r = 0.13$, $p = .108$); Paggamit ng Teknolohiya: ($r = 0.13$, $p = .127$); Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay: ($r = 0.11$, $p = .184$); Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto: ($r = 0.01$, $p = .872$). Lumilitaw na ang partisipasyon sa mga gawaing pang-akademiko sa labas ng klasrum ay maaaring higit na naaapektuhan ng ibang salik, tulad ng pagkakaroon ng oportunidad, suporta mula sa mga kaibigan, o inspirasyon mula sa paaralan mismo. Kaya't makabubuting makipag-ugnayan ang mga guro sa mga school administrators at student organizations upang makapagbuo ng mga aktibidad na kawili-wili at may koneksyon sa aralin, upang mas mahikayat ang mga mag-aaral na lumahok (Kuh, 2009; Trowler, 2010; Astin, 1993).

Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag-aaral ay hindi rin nagpakita ng makabuluhang kaugnayan sa alinman sa mga inobatibong kasanayan ng guro (hal. Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo: ($r = -0.06$, $p = .496$); Paggamit ng Teknolohiya: ($r = -0.06$, $p = .472$); Pagtuturo na Nakatuon sa Tunay na Buhay: ($r = -0.02$, $p = .799$); Pagsuporta sa Malikhaing Pagkatuto: ($r = -0.10$, $p = .242$). Maaaring ang kooperasyon ng mga mag-aaral ay mas malakas na naiimpluwensyahan ng kultura sa loob ng klasrum, estilo ng pamumuno ng guro, at dinamika ng grupo. Dito papasok ang kahalagahan ng pagbibigay ng malinaw at epektibong group tasks, pagsasanay sa peer feedback, at pagbibigay ng espasyo para sa sama-samang pagkatuto. Sa ganitong paraan, mas mahihikayat ang mga

mag-aaral na magtulungan at magtagumpay nang sama-sama (Johnson & Johnson, 2009; Slavin, 1995; Gillies, 2007).

Talahanayan 5

Makabuluhang Kaugnayan ng Inobatibong Kasanayan ng Guro sa Akademikong Pakikilahok ng mga Mag-aaral

Barbayol		Aktibong Partisipasyon sa Klase	Pagsasagawa ng Akademikong Gawain	Pakikilahok sa mga Akademikong Kaganapan	Pakikipagtulungan sa Kapwa Mag- aaral
Makabagong	<i>r</i>	-0.01***	-0.03***	0.13***	-0.06***
Estratehiya					
sa Pagtuturo	<i>p</i>	0.985	0.696	0.108	0.496
Paggamit ng	<i>r</i>	0.06***	-0.06***	0.13	-0.06***
Teknolohiya					
sa Pagtuturo	<i>p</i>	0.466	0.469	0.127	0.472
